

PROGRAMA PARA SA PAGBABAYAD-PINSALA o RESTITUTION PROGRAM: Impormasyon para sa Mga Maysala



**BRITISH
COLUMBIA**

May makukuhang tulong kung mayroon kang utang na pera para sa isang kautusan sa pagbabayad-pinsala (restitution order)

Ano ang pagbabayad-pinsala o restitution?

Kung ang isang biktima ay nakakaranas ng kahirapang pinansyal bilang resulta ng isang krimen at ang maysala ay nahatulang nagkasala, maaaring iutos ng isang hukom ng criminal court sa maysala na magbayad ng pinansyal na kompensasyon sa biktima, na tinatawag na “bayad-pinsala”. Kung ang halaga ng bayad-pinsala ay hindi binayaran nang buo, ang kautusan ay maaaring ipatupad ng biktima sa isang hukumang sibil.

Ano ang Restitution Program?

Ang Restitution Program ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagbabayad-pinsala, kabilang ang kung paano mo mababayaran ang iyong bayad-pinsala. Kung naaangkop, ang Restitution Program ay magbubukas ng isang file upang mapadali ang iyong pagbabayad sa biktima ng ‘di mo nababayaranang bayad-pinsala.

Sino ang maaaring mag-apply (o mai-refer) sa Restitution Program?

- ✓ Mayroon ka bang utang na bayad-pinsala na ipinag-utos ng hukuman?
- ✓ Ikaw ba ay mahigit sa 19 taong-gulang at ang iyong pagbabayad-pinsala ba ay inisyu ng isang adult criminal court sa BC?

Kung sumagot ka ng “Oo” sa mga tanong na ito, maaari kang mag-apply (o mai-refer ng iyong parole/probation officer) sa Restitution Program gamit ang form sa likod ng polyetong ito na makukuha rin sa www.gov.bc.ca/victimrestitution. Kung hindi ka sigurado sa sagot sa mga tanong na ito, mangyaring kontakin ang Restitution Program. Tandaan: kung mayroon kang probation officer, maaaring kailanganin ng Restitution Program na humingi ng kanyang pahintulot bago ito makapagbukas ng isang file.

Ano ang magagawa ng Restitution Program?

- Nakikipagtulungan kami sa (mga) biktimang kalahok sa Program na pinangalanan sa kautusan sa bayad-pinsala.

- Nakikipagtulungan kami sa iyo upang makumpirma na ang iyong mga intensyon na magbayad ay matutupad, makakamit, at alinsunod sa nakatakdang panahon ng pagpapatupad sa kautusan.
- Tumatanggap kami ng buo o bahaging bayad ng mga bayad-pinsala (hal., installments) mula sa iyo at nagbabayad kami sa biktima sa ngalan mo.
- Tinitiyak namin na ang iyong pagbabayad ay ipinamamahagi nang pantay-pantay sa mga kautusang may maraming biktima.
- Kapag ito’y hiniling, sinasabi namin ang progreso mo sa biktima at sa probation o parole officer na nangangasiwa sa iyo.

Ano ang mga benepisyo kung kalahok sa Restitution Program?

- Hindi na kailangang sumipot sa civil o criminal court kung kalahok ka sa Restitution Program.
- Ang pagkukusang magbayad ay makakatulong sa iyo na ipakita ang iyong kahandaang sumunod sa kautusan ng hukuman.
- Ang iyong paglahok ay maaaring makatulong sa iyo na maiwasan mo ang mga epekto sa iyong credit rating.
- Kapag lumahok ka sa Program, maiiwasan mo ang pangangailangang makipag-ugnayan sa (mga) biktima na binanggit sa kautusan.

Paano kung hindi ko kayang bayaran ang ipinag-utos ng hukuman na bayad-pinsala?

Hinihikayat ka naming magkumpleto ng isang application para sa Restitution Program kahit na sa palagay mo ay kaya mong magbayad ngayon. Hinihikayat ng Restitution Program ang napapanahong pagsunod sa kautusan ng hukuman na bayaran ang bayad-pinsala. Kinikilala namin na maaaring mayroon kang iba’t-ibang mga pinansyal na obligasyon; isinasaalang-alang namin ang indibidwal na kakayahan kapag nakikipagtulungan para sa inyo upang magdibelop ng mga iskedyul ng pagbabayad na masusunod (hal., haba ng panahon para makumpleto ang pagbabayad; halagang ibinayad bawat installment).

Ano ang mangyayari pagkatapos kong mag-apply?

Pagkatapos mong mag-apply sa Restitution Program:

Ika-1 hakbang: Susuriin namin ang iyong application upang matiyak namin na maaari naming mapadali ang iyong pagbabayad-pinsala.

Ika-2 hakbang: Kokontakin namin ang biktimgang nakalista sa kautusan sa pagbabayad-pinsala at iimbitahan namin silang lumahok sa Program.

Ika-3 hakbang: Kakausapin ka namin tungkol sa mga opsyon sa pagbabayad upang matukoy ang pinakamahusay na plano batay sa iyong kasalukuyang kalagayan.

Ika-4 na hakbang: Maaari mo nang simulan ang pagbabayad.

Ika-5 hakbang: Ipapadala namin ang perang bayad-pinsala na natanggap mula sa iyo sa biktimgang nakalista sa restitution order.

Ika-6 na hakbang: Kami ay magbibigay ng "Statements of Restitution Payment" para sa iyong rekord bawat beses na magpadala ng tseke sa biktima.

Patuloy naming isinasaalang-alang ang kaligtasan ng lahat ng taong nakalista sa kautusan sa pagbabayad-pinsala.

Paano kung ako ay nasa federal custody?

Kung ikaw ay nasa federal custody, maaari mong gawin ang mga pagbabayad sa Restitution Program mula sa iyong institutional bank account. Matutulungan ka naming simulant ito.

Paano kung ako ang biktima (hindi ang maysala) na nakapangalan sa kautusan na pagbabayad-pinsala?

Mangyaring kontakin kami. Maaaring mapadali namin ang pagbabayad-pinsala sa iyo at maaaring masagot namin ang iyong mga katanungang may kinalaman sa pagbabayad-pinsala. Maaari kang mag-apply sa Program gamit ang form na makukuha sa:
www.gov.bc.ca/victimrestitution

Paano ako makakaugnay sa Restitution Program?

Restitution Program

Ministry of Public Safety and Solicitor General

PO Box 5550 Station Terminal

Vancouver BC V6B 1H1

Lower Mainland, Telepono: 604-660-4898

Tumawag nang libre: 1-844-660-4898

Email: Restitution@gov.bc.ca

Fax: 604-660-5340

Website: www.gov.bc.ca/victimrestitution

To apply to the Restitution Program, please complete and sign this application form and return it to the address below. / Upang mag-apply sa Restitution Program, mangyaring kumpletuhin at pirmahan ang application form na ito at ipadala sa address sa ibaba.

The Restitution Program processes applications in English only. Please provide the following information in English. / Ang Programa para sa Pagbabayad-Pinsala o Restitution Program ay nagpoproseso ng mga aplikasyon sa wikang Ingles lamang. Mangyaring ibigay ang sumusunod na impormasyon sa Ingles.

Restitution Program Application Form / Restitution Program Application Form

Applicant Information/Impormasyon ng Aplikante

Offender Name / Pangalan ng Maysala: _____ Date of Birth (YY-MM-DD) / Petsa ng Kapanganakan (YY-MM-DD): _____

Relationship to victim(s) / Kaugnayan sa (mga) biktima: _____

Mailing Address (Apt., Street, PO Box) / Address na Padadalhan ng Sulat (Apt., Street, PO Box.): _____

City/Town, Province, Postal Code / City/Town, Province, Postal Code: _____

Home phone / Telepono sa bahay: _____ Detailed msg ok? / Ok bang mag-iwan ng detalyadong msg?

Cell phone / Cell phone: _____ Detailed msg ok? / Ok bang mag-iwan ng detalyadong msg?

Email Address / Email Address: _____ Detailed msg ok? / Ok bang mag-iwan ng detalyadong msg?

Correctional Information / Impormasyon ukol sa Correctional Facility

Parole/Probation Officer Name / Pangalan ng Parole/Probation Officer: _____ Phone Number / Telepono # _____

Email / Email: _____ Custody Location (if applicable) / Lokasyon ng Custody (kung naaangkop): _____

Restitution Order Information / Impormasyon ukol sa Restitution Order

Victim Name(s) / (Mga) Pangalan ng Biktima: _____

Court file number(s) / Court file number(s): _____ Court Location / Lokasyon ng Hukuman: _____

Where possible, please include a copy of the Restitution Order when submitting this application. / Kung maaari, mangyaring isama ang isang kopya ng Restitution Order kapag magsusumite ng application.

By signing this form, I am applying to the Restitution Program for assistance in the facilitation of my restitution order and I confirm that I am the individual named on this form. / Ang pagpirma sa form na ito ay nangangahulugang naga-apply ako sa Restitution Program upang matulungan akong matupad ang aking pagbabayad-pinsala, at kinukumpirma ko na ako ang taong nakapangalan sa form na ito.

Signed / Pirma: _____ Date / Petsa: _____

Collection Notice / Paunawa sa Pagkolekta ng Impormasyon

The collection of your personal information as part of the Restitution Program is authorized under section 26(c) of the Freedom of Information and Protection of Privacy Act for the sole purposes of helping you provide victim(s) with financial compensation in the form of "restitution." If you have any questions about the collection of your personal information please contact: Restitution Program Manager, PO Box 5550 Station Terminal, Vancouver, BC, V6B 1H1. / Ang pagkolekta ng iyong personal na impormasyon bilang bahagi ng Restitution Program ay may pahintulot sa ilalim ng seksyon 26 (c) ng Freedom of Information and Protection of Privacy Act para sa tanging layunin na matulungan kang magbigay sa (mga) biktima ng pinansyal na kabayaran na tinatawag na "bayad-pinsala". Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa pagkolekta ng iyong personal na impormasyon mangyaring kontakin: Restitution Program Manager, PO Box 5550 Station Terminal, Vancouver, BC, V6B 1H1.

Please submit your completed application via mail, fax or email to /
Mangyaring isumite ang iyong nakumpletong application sa pamamagitan ng koreo, fax o email sa:

Restitution Program
PO Box 5550 Station Terminal
Vancouver, BC, V6B 1H1
Email: Restitution@gov.bc.ca
Fax: 604-660-5340